**Pahayagan sa 10 Wika**

# Mimitaro

Tagalog/タガログ語版　☆Bldg.154　Enero 2025

Boluntaryong Grupo ng SIA「Mimitaro」
Lugar　:　2F Piazza Omi1-1-20 Nionohama, Lungsod ng Otsu
Tel　:　077-523-5646
E-mail　:　mimitaro@s-i-a.or.jp
URL　:　https://www.s-i-a.or.jp/tl
:　https://www.facebook.com/siabiwako

## Natuto ng Wikang Hapon sa Izakaya（Pub）

Sa isyung ito ng Mimitaro, atin nakapanayam si Bb. Adeline Wall, nakatira sa Otsu



Dumating ako sa Japan mula sa France 14 taon na ang nakalilipas. Nung ako ay isang estudyante pa lamang sa Unibersidad, naging interesado ako sa wikang hapon sa pamamagitan ng panonood ng mga anime na bedyo at sa pakikipagpalitang- ugnayan sa mga estudyanteng hapon sa Asosasyon ng mga Pranses at Hapones na nakapagpa udyok din sa akin na bisitahin ang Japan. Pagkatapos kong makumpleto ang pang-dalubahasang kursong pananaliksik sa kapaligiran at ekolohiya, naging isa na akong ganap na tagapanaliksik sa Sentro ng Pang-ekolohikal na Pananaliksik sa Unibersidad ng Kyoto, at pinag aralan ang Testate Amoebae na naninirahan sa mga latak sa Lawa ng Biwa. Bago magtapos ang 2 taon pananaliksik na panahon, nakilala at napangasawa ko ang aking asawang hapon. Sa ngayon mayron na kaming 3 anak, isang nasa ika- 5 baitang at nasa ika- 2 baitang na kambal sa Paaralang-elementarya.

Pagkatapos kong manganak, nagpahinga muna ako sa aking pananaliksik upang matutukan ang pagpapalaki sa mga bata. kung nanganak ako habang nagtatrabaho pa, maaari seguro akong makapagpatuloy sa aking trabaho pagkatapos kong makakuha ng bakasyon sa pangangalaga sa mga bata. Ngunit sa kaso ko, ang panganganak ko ay sumabay sa panahon kung saan naghahanap ako ng susunod kong trabaho, at dahil sa nasa pangangalaga pa ako sa mga bata nahirapan akong makahanap ng trabaho. Kamakailan lang mas naging magaan na ang pagpapalaki ko sa mga bata, kaya nakapag umpisa na rin akong magtrabaho bilang katulong sa laboratoryo ng pananaliksik sa unibersidad simula nitong nakaraang taon. At kahit na nagtratrabaho ako sa laboratoryo na labas sa larangan ng aking mga napag aralan, marami pa rin akong natutunan sa loob ng laboratoryo, pakiramadam ko parang bumalik ako sa panahon na estudyante pa lamang ako. Nagagawa ko na pareho ang trabaho at ang pangangalaga sa mga bata, subalit nais ko pa rin bumalik sa aking pananaliksik kung mabibigyan ng pagkakataon.


Dito ko lang sa Japan naranasan ang manganak at magpalaki ng mga bata kaya hindi ako makapagkumpara. Ang mga kaibigan ko sa France ay nagulat sa disisyon kong manganak na hindi gumamit ng epidural injection/anestiya sa unang anak ko, sabi nila, "Sobrang masakit iyon"pero dahil "ang mga Hapon ay ginagawa ito". Sinubukan ko ito at mabuti naman ako. Ang pinakamahirap ay ang pagpapalaki ng mga bata. Ang mga magulang namin ay parehong malayo, at ang asawa ko ay gabi na kung umuuwi at wala akong sinuman na mahingian ng tulong, kaya kailangan kong gawin lahat sa tulong na rin ng asawa ko. Namamalengki ako na sakay ng stroller ang kambal habang hila-hila ang kamay ng panganay kong lalaki nalulugod ako sa sarili ko na nalamapasan ko ang mga panahong iyon. Napagpasiyahan namin na dito sa Japan palakihin ang mga bata, kaya pinapalaki namin sila bilang mga hapones, at gumagaan ang pakiramadam ko na mabuti ang relasyon sa kanilang mga kaibigan. Nais ko silang turuan na matuto ng wikang Pranses balang araw kung saan handa na silang matutunan ito. Ang mga paaralan sa japan ay may magandang aspeto sa lahat, subalit pakiramadam ko rin mayron din itong napakaraming mabusising tuntunin at regulasyon. Maraming mga panahon na kinakailangan pumunta sa paaralan ang mga magulang, maraming ipinapauwing mga sulat na kailangan basahin na labis labis na para sa mga nagtratrabahong mga nanay na kayanin ito. Ang magandang bahagi naman ay mayron oras para sa paglilinis at karunungang pantahanan. Ang mga bata ay natututo mula sa mga pangunahing kaalaman gaya ng pagluluto at pagtatahi ng mga butones at ang anak kong lalaki ay nakakagawa na ngayon ng simpleng pagluluto. Nais kong tulungan ang mga anak ko sa kanilang mga bahay-aralin, pero ang asawa ko ang siyang nakatoka sa wikang hapon, at kahit na ako ay nagmula sa larangan ng agham at matematika hindi ko lubos na mainitindahan ang estilo ng Japan pagdating sa dibisyon sa matematika na bahagyang nakakadismaya.

Noong mga unang dating ko sa Japan, nababahala ako sa hindi maayos-ayos ang pagsasalita ko ng Nihongo kahit na nasa Japan na ako, ang mga hapones na nakapaligid sa akin kase ay kinakausap ako sa Inglis. At pagkatapos nun sa isang izakaya (Japanese Style Pub) na malapit sa may estasyon, may nakita akong karatula na nakasulat sa inglis ang kanilang mga putahe na nakapagbigay sa akin ng inspirasyon at nasabi kong "Ito na yon" kaya nagsimula na akong magpunta. At doon, may nakakausap na ako na mga ordinaryong hapones na hindi nakapagsasalita ng Inglis sa pang araw-araw sa wikang hapon. Sa umpisa kadalasan na pinag uusapan "Saan ka galing? Ano ang gingawa mo?" naging mahusay na ako sa diyalekto ng kansai dahil na rin sa pagsisikap kong makipag usap sa kanila na dala-dala ang diksyunaryo. Nakilala ko ang aking asawa sa isang Izakaya at naging kilala ako sa lugar na iyon "bilang babaeng Pranses na kalaunay lumilitaw sa gabi", sobrang malungkot nung simulan ko nang alagaan ang aking mga anak sa bahay, ang tanging kausap ko lang ay ang aking asawa, mga anak, mga titser sa paaralan at mga doktor. Nagsimula akong magtrabaho sa isang restawran ng Italian sa isang linggo ng 2 beses na panggabi at halos pang ika-7 taon ko na dito masaya pa rin ako sa pakikisalamuha at pakikipag usap sa Nihongo sa iba't ibang tao. Sa nakakarelaks na kapaligiran, ang mga hapones ay magaling magdala ng kanilang modo, mula sa modo sa trabaho tungo sa modo sa kasayahan at kahit na sila ay lasing na nasasabi pa rin nila ang salitang "pasensiya na" at lahat ay nagiging okey na. Madaling makipag usap sa mga taong kapareho ang nasyonalidad, subalit sikapin din makipag usap sa mga hapones, maraming masasayang tao dito.

Mula sa kasabihan "Hindi mo malalaman hanggat hindi mo nasusubukan" simula noong umalis ako sa aking bansa na mag isa, at ngayon na ako ay isa nang mamayan ng mundo, nagkaroon ako ng iba't ibang kawili-wiling mga karanasan. Sa pagkakataong ito nasasabik na ako sa mga bagong pagkakataon at karanasan, matuto at makatuklas ng mga bagong bagay sa pamamagitan ng aking pananaliksik sa Testate Amoebaes na naninirahan sa buong mundo.

**Suportang Pangangalaga sa mga bata Serye ⑤**

# Tungkol sa Senyur Hayskul at iba pang mga Paaralan sa Prepektura ng Shiga



Ang obligadong edukasyon sa Japan ay nagtatapos sa junyor hayskul, kaya nasa sa inyong sariling desisyon kung magpapatuloy o hindi sa pag aaral sa senyur hayskul. Ang pagpasok sa senyur hayskul ay magbubukas ng mga pagkakataon patungo sa unibersidad o sa pangbokasyunal na paaralan at makakapagdaragdag sa inyong mga mapagpipilian para sa trabaho sa hinaharap. Gayunpaman, hindi tulad ng junyor hayskul, nakadepende dito ang inyong mga nakuhang grado at talaan ng pagpasok, kung hindi mo makuha ang mga kinakailangan kredito, maaaring hindi ka maakyat sa susunod na baitang o makapagtapos.

Sa mga "Senyur Hayskul" iniaalok at inuuri ang mga sumusunod na kategorya depende sa sistema ng pag-aaral: Buong araw na sistema: Katulad sa JHS, may mga klase sa umaga at klase pagkatapos ng tanghalian. 3 taon na sistema.


Kabahaging oras/ Part-time na sistema: Mag aaral ang mga estudyante sa mga partikular na oras sa pang- araw at sa panggabi, maaaring magtapos sa alinman sa 3~4 na taon.

Korespondensiyang sistema: Pag aaralan ng mga estudyante ang mga pangunahing mga aralin sa bahay at magsusumite ng mga ulat, kung minsan ay pumapasok para sa mga panayam at gabay. Maaaring makapagtapos sa loob ng 3~4 na taon.

**~ Mga Mataas na Paaralan at iba mga Paaralan sa loob ng Prepektura ng Shiga ~**

- Para sa impormasyon sa Senyur Hayskul sa Prepektura ng Shiga e-click dito →
  Yume no Sekkeizu (Wikang Hapon • Portugal • Espanyol • Intsek • Tagalog) https://www.pref.shiga.lg.jp/edu/school/tokusyoku/104806.html
- Para sa impormasyon sa mga pribadong senyur hayskul sa Prepektura ng Shiga e-click dito → https://shiga-shigaku.com/school
- Paaralang-Teknoholikal sa Prepektura ng Shiga (Techno College)
  Ang mga paaralan ng pagsasanay sa bokasyonal ay idinisenyo upang mabigyan ang mga mag-aaral ng kaalaman at kasanayang kinakailangan upang makapasok ng trabaho. May mga panandaliang kurso na tumatagal mula anim na buwan hanggang isang taon, pati na rin ang dalawang taong kurso. https://www.pref.shiga.lg.jp/kougi/
- Ang mga paaralan para sa espesyal na pagsasanay atbp. Ang mga estudyante ay maaring makapag aral ng mga pampraktikal bokasyunal na edukasyon at espesiyalisadong pang-teknikal na edukasyon. Ang mga paaralan na may mataas na programang pang-edukasyon ay nagpapahintulot sa mga mag aaral na na makapasok ng may deploma sa junyor hayskul
  → Otsu Medical Association Practical Nursing Specialized Training School https://otsu.shiga.med.or.jp/kango/entry/exam.php
  Pang-bokasyonal na Paaralan ng Koyodai Minakuchi https://nagara-gakuen.jp/

**Mga programang suporta para sa mga gastusin sa matrikula at iba pang gastusing pang- edukasyon**



**Pondong-suporta para sa mga bayarin sa matrikula (*Kotogakkotou Shugaku Shienkin)*:** Isang pambansang programang suporta sa mga bayarin sa matrikula sa mga senyur hayskul hindi alintana ang klase ng paaralan, mapa-pambansa, pampubliko o pribado man ito. (hindi na kailangan bayaran) Isusumite ang aplikasyon sa pamamagitan ng paaralan at hindi ito direktang ibinibigay sa mga tagapangalaga, sa halip ay tatanggapin ito ng paaralan at ilalaan ito sa mga bayarin para sa matrikula.

Kwalipikado: Sambahayang may taunang kita ang tagapangalaga ng mas mababa sa 9.1 milyong yen ay maaring mag-aplay

**Pondong Pandagdag na Iskolarsip sa Hayskul:** Ibinibigay ang suportang pambayad para sa mga bayarin sa mga gastusin pang-edukasyon maliban sa matrikula. (hindi na kailangan bayaran)

Kwalipikado: Mga sambahayan na tumatanggap ng pampublikong-tulong *(Seikatsu-hogo)* at sa mga samabahayan na hindi saklaw sa pagbayad ng buwis *(hikazei-setai*) na may mag-aaral na nasa hayskul ay maaring mag aplay.

**Sistemang Iskolarsip:** Tulong -pinasiyal para sa mga mag aaral na namomoroblema sa kanilang mga bayarin sa paaralan. "Iskolarsip na ibinibigay mula sa Prepektura ng Shiga" at "Ibinibigay na iskolarsip /Mga subsidyong pang-edukasyon para Sa mga mag aaral na part-time at mga nasa ilalim ng sistemang korespondesiyang senyur hayskul sa Prepektura ng Shiga *"Kotogakkoto Teijiseikatei oyobi Tsushinseikatei Shugakushoreikin"* Para sa mga karagdagang impormasyon mangyaring makipag-ugnayan sa mataas na paaralan kung saan ka nakatpasok o sa Lupon ng Edukasyon ng Prepektura, Dibisyon ng Pangangasiwa ng Edukasyon (077-528-4587). Gayundin, sa Kunseho ng Kapakanan Panlipunan ng Prepektura ng Shiga/*Shiga-ken Shakai Fukushi Kyogikai* (077-567-3903) ay maari din komunsulta para sa pautang na tulong para sa pamumuhay /*seikatsu fukushi shikin kashitsuke* (mga pondo ng suporta sa edukasyon/*Kyouiku shien shikin*) anumang oras sa mga sumusunod na lokasyon.

**Proseso ng pagpili para sa mga pampublikong senyur hayskul sa Prepektura ng Shiga ay mababago sa isang bagong sistema simula sa mga estudyanteng nakatakdang papasok sa Abril 2026!**

Ang mga dating 4 na paraan ng pagpipili "Pagpili sa ilalim ng Rekomendasyon" "Rekomendasyon sa Isports, Kultura at Sining," "Espesyal na pagpili," at "Pangkalahatang pagpili". Sa ilalim ng bagong sistema ay magkakaroon ng 2 uri ng pagpili, "pangkalahatang pagpili" at "pagpipiliang partikular na paaralan," upang mabawasan ang pasanin sa mga pagsusulit, maaring kumuha ng sabay ang mga magsusulit. Ang lahat ng mga aplikante (full-time at part-time) ay kukuha ng pagsusulit sa pang akademikong pagkamit (5 asignatura: Hapon, Matematika, Araling Panlipunan, Agham, at Banyagang Lenguwahe (English)) sa huling bahagi ng Pebrero. Bilang karagdagan, ang Sistema ng aplikasyon ay babaguhin sa isang web-based/online na sistema. Para sa mga detalye, pakitingnan ang website ng paaralan o ang Lupon ng Edukasyon sa Prepektura ng Shiga. https://www.pref.shiga.lg.jp/file/attachment/5455963.pdf

# Mayroon ka bang alinman sa mga alalahanin na ito?

Pagkatapos makapagtapos ng junyor hayskul magkakaroon kayo ng mas maraming pagkakataon na makapamili para sa inyong sarili, tulad ng kung mag aaral o magtratrabaho o gumawa pa ng mga iba't ibang nais gawin. Magkakaroon ka ng pakikisalamuha sa lipunan sa labas ng inyong tahanan at paaralan, lalawak din ang iyong pakikitunguhan/relasyon. Habang lumalaki ang tsansa ng pagiging malaya nadagdagan din ang mga pananagutan sa sarili. Upang matulungan kang protektahan ang iyong sarili, narito ang ilang lugar na maari kang kumonsulta kapag nagkakaproblema ka.

**☆Maari bang makapagtrabaho (Part-time Job) ang isang Senyur Hayskul?**

Para doon sa mga naging 15 taon gulang na lampas na ang kaarawan noong Marso 31 ay maaring nang makapagtrabaho kung sila ay pinapahintulutan magtrabaho ng part-time sa ilalim ng panunutunan ng paaralan kung saan sila pumapasok, Gayunpaman dahil sa sila ay nasa mababa pa sa 18 taon gulang at limitado lamang ang kaalaman pagdating sa panlipunang karanasan samakatuwid sila ay protektado sa mga sumusunod na batas.

- Kapag nag-aaplay ng trabaho, kakailanganin mong magpakita ng liham ng pahintulot mula sa magulang o tagapag-alaga, isang sertipiko ng katibayan ng edad at pagiging karapat-dapat para sa paninirahan/*residence card.*
  - ※ Kung ikaw ay may katayuan ng "Dependent Visa" o "Student Visa", maaari kang magtrabaho nang hanggang 28 oras bawat linggo kung mag aaplay ka ng "Permiso na makilahok sa aktibidad maliban sa pinahihintulutan sa ilalim ng katayuan ng Paninirahan" sa Kawanihan ng Imigrasyon. Pakitandaan na kung nagtatrabaho ka ng higit sa 28 oras bawat linggo, maaaring hindi ma-renew ang iyong visa (*status of residence*).
- Kasama sa katangian ng trabaho ang mga paghihigpit o pagbabawal sa mapanganib o nakakapinsalang trabaho.
- Patungkol naman sa mga oras ng pagtatrabaho, may mga paghihigpit sa panggabing trabaho (late-night work), overtime at holiday work, at pabago-bago ang oras ng trabaho ay ipinagbabawal din bilang pangkalahatang tuntunin.
  - ※ May ilang mapagsamatalang kumpanya sa mga manggagawa na napipilitang magtrabaho (*Black Baito*) sa ilalim ng hindi patas na mga kontrata sa paggawa, hindi nababayarang sahod, panliligalig sa kapangyarihan, sekswal na panliligalig, at iba pang mapang-abusong kondisyon. Samakatuwid, pakitiyakin mabuti ang anumang pipirmahang kontrata pagtrabaho at kumpirmahin ang nilalaman nito bago ito lagdaan.
  - ※ Ang mga mapanlinlang na trabaho (*Yami Baito*), kung saan ang mga mangagawa ay tumatanggap ng kabayaran para sa mga gawaing kriminal, ay kumakalat sa pamamagitan ng mga serbisyo sa social networking at iba pang paraan. Huwag kailanman mag-aplay para sa isang trabaho nang basta-basta dahil nag-aalok ito ng "mataas na kita"! Ito ay isang paraan ng mga kriminal na mapigilan na mahuli ang mga sindikato ng krimen pagpigil sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon tulad ng pagkakakilanlan at impormasyon ng pamilya at mga miyembro ng pamilya. Samakatuwid, mag-ingat na huwag ibigay ang iyong personal na impormasyon o pribadong impormasyon nang walang nararapat na pangangalaga at atensyon.

**Mga isyung nauugnay sa trabaho gaya ng pang -aapi, seksuwal na panliligalig, pagtanggal sa trabaho, atbp.**

☆ Shiga Labor Bureau, Employment Environment and Equal Opportunity Office
(*Shiga Roudokyoku Koyoukankyo Kintoushitsu*) Tel 077-523-1190

☆ Hotline ng Konsultasyon sa Kondisyon sa Paggawa (*Roudo Jouken Soudan Hotline*)
(Multilinguwal na Konsultasyon) https://www.check-roudou.mhlw.go.jp/soudan/foreigner_tag.html

☆ Tungkol sa illegal na trabaho (*part-time jobs*) Departamento ng Pulisya, Sentro ng Pangkalahatan Tagapayo #9110

**☆ Alam mo ba kung ano ang "dating DV/Karahasan sa karelasyon"?**

Ang karahasang nangyayari sa pagitan ng magkasintahan ay tinatawag na "dating DV". Ang karahasan ay maaaring pisikal, mental, sekswal, o pinansiyal. Kasama rin sa karahasan ang pag-uugaling pakikitungo sayo na ginagawa kang katatawanan, hindi papansinin at ang pagiging sunud-sunuran sa mga nais gawin ng karelasyon mo. Kahit na malapit ka sa isang tao, pagingatan ang iyong sariling damdamin at ang sa ibang tao.

- Isang manga /cartoon na madaling maunawaan "*Hito to hito tono yoriyoi kankei wo tsukuru tameni*/ Upang magkaroon ng mas magandang relasyon sa pagitan ng mga tao" mula sa tanggapan ng kabenite ng pamahalaan ng Japan.
  https://www.gender.go.jp/policy/no_violence/violence_research/yobou/pdf/yobou_kyozai_24_01.pdf
- Monbukagakusho/MEXT (Kagawaran ng Edukasyon, Kultura, Isport Agham at Teknolohiya "*Inochi no Anzen Kyoiku*/ Edukasyon sa pangangalaga sa kaligtasan ng buhay" Matututo ang mga mag-aaral na pahalagahan ang buhay at igalang ang kanilang sarili at ang iba sa pamamagitan ng mga bedyo na tumutugon sa kanilang yugto ng pag-unlad mula sa pagkabata hanggang sa edad ng senyur hayskul.
  https://www.mext.go.jp/a_menu/danjo/anzen/index2.html

**Konsultasyon patungkol sa problema sa karelasyon**

☆ Date DV 110 https://ddv110.org/ Maaring komunsulta sa telepono o kaya sa chat.
Lun~Sab 7:00pm~9:00pm (Sarado sa bago magbagong taon at sa bagong taon) Tel 050-3204-0404

☆ SOS para sa mga buntis sa prepektura ng Shiga (*Shiga-ken kosodate Shienka*/Suporta para sa pangangalaga sa mga bata sa Prepektura ng Shiga) Konsultasyon tungkol sa di inaasahang pagbubuntis
Lun • Miy • Biy 6:00pm~8:00pm Lin 2:00pm~4:00pm Tel 090-8810-2499



# Impormasyon Mula sa Mimitaro

**Maligayang bati!**
**at Manigong bagong taon!**
**Pagbati mula sa Mimitaro**
**Taon ng Ahas**



### ◆ Mga bulaklak sa Panahon ng Tagsibol

- **Daiichi Nagisa Park**
  Mula Enero hanggang Pebrero, humigit-kumulang 12,000 na maagang namumulaklak na mga bulaklak ng rapeseed/Brassica Napus na pinangalanang "Kanzaki Hanana" ang namumulaklak.
  Moriyama-shi Imahama-cho



- **Eksibisyon ng Bonsai sa Nagahama**
  Humigit-kumulang 90 na paso ng plum bonsai ang ipapakita. Enero 10 (Biyernes) hanggang Marso 10 (Lun.)
  Keiunkan 2-5 Minato-cho, Nagahama-shi

### ◆ Setsubunsai/Piyesta ng Pamanahon paghahati Pebrero 3 (Lunes)



Sa araw ng Setsubun, minarkahan ang pagtatapos ng panahon, ang mga kaganapan tulad ng Mamemaki (pagsaboy ng butil ng balatong) ay ginaganap upang alisin ang malas ng taon, magdala ng suwerte at pagpapala para sa bagong taon

| | |
|---|---|
| Zensuiji | Konan-shi Iwane 3518 |
| Tachiki Jinja | Kusatsu-shi Kusatsu 4-chome 1-3 |
| Minakuchi Jinja | Koka-shi Minakuchi-cho Miyanomae 3-14 |
| Taga Taisha | Taga-cho Taga 604 Inukami-gun |

### ◆ HIKARIUM, isang espasyo para maranasan ang saya na dala ng liwanag habang nababalutan nito.

Hanggang kalagitnaan ng Pebrero 5:30pm - 8:30pm
English Garden Rosa & Berry
Tawada 605-10 Tawada, Maibara-shi Tawada 605-10

### ◆ Biwako Marathon 2025

Marso 9 (Lin.) 8:20 a.m. oras ng pagsisimula
Magsimula: Ojiyama estadyum Pang-atletika (Track & Field)
Magtatapos: Karasuma Hantou
Palakpakan natin ang humigit-kumulang 7,000 mananakbo!

### ◆ Sagicho Piyesta

Parada ng mga Karosa mula sa bawat bayan ng buong lungsod na iniilawan sa gabi.
Marso15 (Sab.) 16 (Lin.)
Himure Hachiman-gu
Omihachiman-shi Miyauchi-cho 257

Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay sa Buwan ng Abril

# Balita mula sa Mimitaro

### ◆ Impormasyon tungkol sa Osaka.Kansai Expo

Ang mga batang mula 4 taong gulang hanggang sa mga mag-aaral sa hayskul sa Prepektura ng Shiga ay nararapat sa isang libreng pagpasok! sa Expo mula Abril 13~ Oktubre 13 sa Yumeshima, Osaka. Kung ang bata ay hindi bibisita sa Expo para sa isang lakbay-aral mula sa paaralan (hal., pag aaral sa labas ng paaralan, ekskursiyon, atbp.), maaari kang pumasok sa Expo nang walang bayad kapag nag-aplay ang isang indibidwal o pamilya. Maaaring mag-aplay mula sa opisyal na homepage.

https://www.expo-shiga.com/

### ◆ Libreng konsultasyon at Pagsusuri sa AIDS

- Maaring magpasuri ng walang pagkakilanlan
- Maaaring isabay ang pagsusuri sa syphilis
- Araw • Oras: Mangyaring kumpirmahin sa Homepage
- Lugar: Sentro ng Kalusugan sa loob ng Prepektura (Otsu-shi, Kusatsu, Koka, Higashiomi, Hikone, Nagahama at Takashima)
- Para sa pagsusuri kailangan magpareserba sa telepono.
- May pagkakaton na maaring hindi maibigay ang resulta sa araw mismo (Pagkatpos 2~3 linggo)

https://www.pref.shiga.lg.jp/ippan/kenkouiryouhukushi/yakuzi/15267.html

Info Sentro ng Kalusugan sa loob ng Prepektura (Maaring kayong iassist sa wikang hapon lamang)
Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga (Para sa ibang wika maliban sa Nihongo)
Tel 077-523-5646

### ◆ Pagbabago ng Batas Trapiko hingil sa Bisikleta

Mula Nobyembre 1, 2024, ang pagsakay sa bisikleta habang gumagamit ng cellular phone o pagmamaneho habang nasa ilalim ng impluwensya ng alkohol ay sasailalim sa mga parusa. Ang bagong batas ay naglalayon sa mga drayber na dapat maging matino sa pagmamaneho.

**Pagmamaneho habang gumagamit ng cellular phone**
Mga lumalabag: parusang pagkakulong nang hindi hihigit sa 6 na buwan o multang hindi hihigit sa 100,000 yen

**Pagmamaneho sa ilalim ng impluwensya ng alak**
Mga lumalabag: Parusang pagkakulong nang hindi hihigit sa 3 taon o multang hindi hihigit sa 500,000 yen

### ◆ Huling deklarasyon sa balik buwis na kinita (*kakutei Shinkoku*) Pebrero 17 (Lun) ~ Marso 17 (Lun)

Kung nagbayad ng mataas na halaga sa gastusing-medikal, mayron pabahay na pagkakautang, o may iba pang mga pagbabawas na kailangang itama, kumikita sa negosyo o may kita sa higit pa sa isang lugar/ o mapagkukunan, dapat kang maghain ng panghuling pagbabalik ng buwis *(final income tax return)* sa tanggapan ng buwis.

**Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga** (Sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalization)
Tel 077-523-5646　Fax 077-510-0601
email：mimitaro@s-i-a.or.jp